



## Isang Rehiyon. Mas Mahusay na Mobilidad.

Tahanan ng 7.7 milyong residente ang Baybaying Lugar at ng mga ahensya ng transportasyon tulad ng Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA) ang siyang nagpapanatili sa takbo ng ating rehiyon. Upang matiyak na mapapanatili at mapapalawak ng mga ahensya ng transportasyon ang serbisyo ng bus at tren – bilang karagdagan sa pagbibigay ng pondo para sa mamantini ng kalsada sa mga koridor ng transportasyon – nagsama-sama ang mga County ng Baybaying Lugar upang magmungkahi ng isang panukalang-batas sa buwis sa kita ng transportasyon para sa rehiyon na 5-county.

Sa County ng Santa Clara, ang VTA ay nagbibigay ng napapanatili, naa-access, at nakatuon sa komunidad na mga opsyon sa transportasyon na makabago, responsable sa kapaligiran, at nagtataguyod ng sigla sa ating rehiyon.

- Nagbibigay ang VTA ng mga serbisyo ng bus, light rail, at paratransit.
- VTA ang Congestion Management Agency (CMA) (Ahensyang Namamahala ng Pagsikip ng Trapiko) ng county.
- Ang VTA ay isang katuwang sa pagpopondo para sa panrehiyong riles kabilang ang Caltrain, Capitol Corridor, at ACE.

Binabyahe ng mga pasahero ng VTA ang halos **134 milyong milya** taun-taon sa **27.7 milyong biyahe**. Mahalaga sa mobilidad ang ahensya at kalidad ng buhay sa County ng Santa Clara.

Sa loob ng mahigit 30 taon, ang VTA ay nakapaghatid ng malalaki at maliliit na proyekto, at pinagkatiwalaan ng mga residente ng maraming hakbang sa buwis sa kita ng transportasyon. Ipinakita ng VTA ang matibay na pangangasiwa sa pondo ng mga nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng paghahatid ng mga praktikal na pagpapabuti sa transportasyon na nagpapahusay sa mga umiiral na imprastraktura, kabilang ang US 101/SR 25 Interchange Project; Capitol Expressway Express Lanes Project; at ang Berryessa Transit Center.

Kung maipasa ang kalahating sentimong inisyatibong ito ng Mamamayan, makakatulong ito sa pagkamit ng mga pangunahing layunin ng VTA na palaguin ang bilang ng mga sumasakay, mapataas ang produktibidad, at mapahusay ang karanasan ng customer.

## 5-County na Pangrehiyong Pagsisikap

Noong Agosto 7, 2025, bumoto nang walang tutol ang VTA Board na sumali sa panukalang batas sa buwis sa kita ng transportasyon sa rehiyon na may 5 county.

- 1/2 na sentimong rate sa County ng Santa Clara
- 14-na taong termino
- 10.38-porsyento sa Caltrain
- 5-porsyento sa Transit Transformation Action Plan ng MTC
- 0.25-porsyento para sa administrasyon
- \$264 milyon na tinataya taon-taon sa County ng Santa Clara

Ang panrehiyong hakbang ay isang **pagkukusa ng mamayan**, na nangangailangan ng pangangalap ng pirma, na may **50-porsyento plus isang** kinakailangan para sa pag-apruba ng botante (**hindi** ng dalawang-katlo).



Malaki ang mapapasulong ng mga potensyal na bagong kita mula sa panrehiyong hakbang na ito sa buwis sa kita ng transportasyon sa loob ng County ng Santa Clara. **I-scan ang QR code para ibahagi ang iyong mga prayoridad sa transportasyon, matuto pa nang higit tungkol sa hakbang na ito, o makakuha ng higit pang impormasyon.**